JERSEY CITY WAGE THEFT ORDINANCE

Ano ang magagawa ng Jersey City Wage Theft Ordinance?

Ang ordinansa ng Jersey City sa wage theft ay makakapigil sa mga employer na gumawa ng wage theft sa pamamagitan ng paguugnay ng mga paglabag na wage theft sa kapangyarihan ng Jersey City na magbigay ng lisensya. Anumang negosyo sa Jersey City na mapapatunayang nasangkot sa wage theft (alinman sa hukuman, o sa pamamagitan ng New Jersey Dep't of Labor) ay dapat magpakita na nakapagbayad nang nararapat sa kanyang mga manggagawa sa loob ng 90 na araw sa anumang hatol o apela, o manganib na masuspinde ang kaniyang lisensya sa pagnenegosyo.

Sino ang magpapatupad ng Wage Theft Ordinance Jersey City?

Ang Wage Theft Ordinance ay ipapatupad ng kagawaran o dibisyong responsible para sa lisensya ng isang negosyo para mag-operate sa Jersey City. Maaaring kabilang ang Department of Health & Human Services o Division of Commerce. Halimbawa, ang isang restaurant na naghahanap ng isang food establishment license mula sa Department of Health & Human Services ay kailangang magpatunay sa kagawarang ito na siya'y walang natitirang hatol para sa wage theft laban dito.

Anong impormasyon ang dapat maibigay ng mga negosyo sa kanilang sertipikasyon sa Munisipyo?

Dapat mapatunayan ng mga negosyo kung mayroon mang anumang hatol o desisyon ukol sa mga hindi binayarang sahod sa loob ng 24 na buwan bago ang kanilang aplikasyon para sa lisensya. Kung ang isang negosyo ay may hatol o desisyon laban dito, ang negosyo ay dapat mapanagutan ang petsa, lokasyon, at katangian ng wage theft at mapatunayan ang kanyang kabayaran ng bayad-pinsala sa mga empleyado, o magpatotoo na ito ay umaapela sa hatol o desisyon.

Anu-anong negosyo ang maaapektuhan ng Wage Theft Ordinance ng Jersey City?

Bawat aplikante para lisensya sa pagnenegosyo o pag-renew ng isang lisensya ay kailangang magpatunay sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na siya ay walang mga hindi pa nababayarang mga hatol para sa mga hindi binayarang sahod. Inaasahan ng Munisipyo na ang karamihan ng mga negosyo ay sumusunod sa batas at binabayaran ang kanilang mga empleyado nang tamang sahod. Tanging ang mga negosyong umiiwas sa kanilang responsibilidad o iyong mga nagsisinungaling sa kanilang sertipikasyon sa Munisipyo ang nahaharap sa pagkakasuspinde sa ilalim ng ordinansa.

Ano ang mangyayari kung ang isang negosyo ay magbigay ng maling impormasyon sa kanyang sertipikasyon sa Munisipyo?

Anumang negosyo na magsinungaling sa kanilang sertipikasyon sa pagsunod nito sa ordinansa ay maaaring mabawian ng lisensya at mapasailalim sa pag-uusig. Ang mga negosyo ay nagpapatotoo sa kanilang pagsunod sa Ordinansa sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, at ang maling pahayag sa gobyerno ay may karampatang aksyon.

Iimbestigahan o uusigin ba ng Munisipyo ang mga claims ng wage theft?

Hindi. Ang mga empleyadong naniniwala na sila ay hindi nabayaran ng tamang sahod ay dapat ipagtanggol ang kanilang karapatan sa pamamagitan ng pag-hahain ng claim sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development, Wage and Hour Division, na siyang mag-iimbestiga sa mga gawi ng pagbabayad ng employer, o sa pamamagitan ng pag-dedemanda. Ang Munisipyo ay hindi mag-iimbestiga sa mga lokal na negosyo.

Kung ang aking negosyo ay mapatunayang mananagot dahil sa paglabag sa wage theft na hindi pa nababayaran, maaari ko bang ilipat ang lisensya ng negosyo?

Hindi. Hindi maaaring ilipat ang lisensya mula sa aplikante, o may lisensya o negosyong napatunayang lumabag at hindi nalunasan sa pamamagitan ng angkop na panghukuman at namamahalang ahensya.

Paano malalaman ng Munisipyo kung ang isang aplikante ay may nakaraang violation ng wage theft?

Bawat taon, ang Munisipyo ay magfa-file ng OPRA request sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development, Wage and Hour Division at hihiling ng mga wage claim forms na isinampa laban sa isang lisensyado sa panahon ng nakaraang dalawampu't apat (24) na buwan.

Ano ang dapat gawin ng isang negosyo kung ito ay kontakin ng Munisipyo tungkol sa mga outstanding na paglabag sa wage theft?

Ang mga negosyong kokontakin ng Munisipyo tungkol sa paglabag na wage theft ay may 30 araw para gawin angalinman sa dalawa: pagbabayad sa naagrabyadong empleyado o umapila sa hatol o desisyon. Ang hindi pagsunod sa loob ng 30 araw ay mag-reresulta sa pagsuspinde ng lisensya ng negosyo hanggang ito ay magpakita na ito ay nakapagbayad na sa kanyang mga empleyado.

For more information, please visit the city website at: http://wwwjerseycitynj.gov/business.aspx?id= 13851

JERSEY CITY WAGE THEFT ORDINANCE

Kailan magkakabisa ang ordinansang ito?

Ang ordinansa ng city ay nagkabisa noong Oktubre 1, 2015.

Ano ang "Wage Theft" (Pagnanakaw ng Sahod)?

Ang Wage Theft o pagnanakaw ng sahod ay nangyayari kapag ang mga manggagawa ay hindi binayaran ng kanilang legal o naka-kontratang ipinangako na sahod, tulad ng minimum wage o overtime. Maaari din itong mangyari kapag ang isang employer ay hindi magbigay ng huling paycheck sa manggagawa kapag umalis sila sa trabaho, pagnanakaw ng tips, pakikisangkot sa pandaraya ng payroll, pag-misklasipika ng mga manggagawa bilang mga independent contractor, o hindi mismo pagbabayad ng sahod. Ang wage theft o pagnanakaw ng sahod ay labag sa batas sa ilalim ng Federal, State o Local law.

Gaano kalaki ang problema sa wage theft o pagnanakaw ng sahod?

Ang wage theft o pagnanakaw ng sahod ay isang malubhang problema sa buong bansa na maaaring mangyari sa kahit na anumang larangan o industriya, kabilang ang retail, restaurants, home health care, at mga salon. Ang mga arawang manggagawa, mga hindi nagsasalita ng ingles, at mga hindi dokumentadong migrante ay may posibilidad na maging pinaka-nasa panganib sa wage theft dahil sila ay karaniwang binabayaran "off the books" at hindi alam ang kanilang mga karapatan. Ang mga sumusunod na estatistika ay magbibigay ng pag-unawa sa problema:

- ***Sa FY 2014, ang U.S. Department of Labor ay nakabawi ng $280 million mula sa mga wage/hour violations.***

- ***Sa pagitan ng 2008 at 2013, ang bilang ng claims na isinampa sa ilalim ng Fair Labor Standards Act (FLSA) ay tumaas ng 146% (mula 5302 sa 7,764)***

Wala bang umiiral na mga batas na sumasakop sa mga pangaabuso sa sahod at oras?

May mga wage and hour laws na umiiral sa mga federal, state and lokal na antas – kabilang ang mga living wage laws ng Jersey City at Hudson County – ngunit ang mga paglabag sa wage theft ay karaniwang mahirap ipatupad dahil ang karamihan sa mga empleyado ay hindi napapagtanto na sila pala ay underpaid o misclassified. Ang mga low-wage na mga manggagawa ay karaniwang hindi nagsasalita ng ingles o di kaya'y natatakot na mapaghigantihan ng kanilang mga employer kung sila ay magreklamo. Karagdagan dito, ang panahon at gastos ng pagpunta sa hukuman para sa isang wage claim ay kadalasang pumipigil sa mga manggagawa na maigiit ang kanilang mga karapatan.

Ano ang dapat gawin ng mga manggagawa kung sa tingin nila'y sila ay biktima ng wage theft?

Ang mga manggagawang naghihinalang sila hindi binabayaran ng kanilang employer ng karampatang sahod ay dapat na makipag ugnayan sa NJ Department of Labor, Wage & Hour Division sa telepono at address sa ibaba. Maaaring makakuha ng impormasyon at claims form sa website ng Department of Labor.

Division of Wage and Hour Compliance
P.O. Box 389
Trenton, NJ 08625-0389
Tel. (609) 292-2305
Tel. (609) 292-2337
Fax (609) 695-1174

For Overnight Mail:

New Jersey Department of Labor & Workforce Development
Division of Wage and Hour Compliance
1 John Fitch Plaza, 3rd Floor
Trenton, NJ 08611

For more information, please visit the city website at: http://wwwjerseycitynj.gov/business.aspx?id= 13851